# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG NOBYEMBRE 21, 2022, LUNES, IKA-9:27 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

RELEASED NAME DATE 12/13/22 TIME

RECORDED 13 DEC 2022 Santa Cruz, Laguna

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 15-T2022**

**KAUTUSANG NAGTATAKDA NG BAGONG PANUNTUNAN SA PAGKILALA AT PAG-AAKREDIT NG MGA CIVIL SOCIETY ORGANIZATIONS (CSO) SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** ayon sa itinatakda ng Artikulo 64 ng Batas Republika 7160 (Implementing Rules and Regulations (IRR) of Local Government Code), inaatasan ang bawat Local Government Unit (LGU) na makapagpatibay ng alituntunin kaugnay sa pagpili ng kinatawan sa Local Special Bodies ng bayan;

**SAPAGKAT**, bilang pagtaguyod sa Batas-Republika 7160, ang Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG) ay nagpalabas ng Memorandum Circular No. 2022-083 na may petsa Hunyo 15, 2022, na nagtatakda ng mga alituntunin sa pag-aakredit ng mga Civil Society Organizations.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Kagawad Patrocinia S. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at Kgg. Regine S. Regalado at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na:

**SEKSYON 1. Titulo**: Ang kautusang ito ay tatawaging " **KAUTUSANG NAGTATAKDA NG BAGONG PANUNTUNAN SA PAGKILALA AT PAG-AAKREDIT NG MGA CIVIL SOCIETY ORGANIZATIONS (CSO) SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SEKSYON 2. Saklaw ng kautusan.** Lahat ng Civil Society Organizations na nagnanais kilalanin bilang legal na samahan at naghahangad na maging kinatawan ng Local Special Bodies ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**SEKSYON 3. Kahulugan ng mga Salita**

3.1 Civil Society Organization (CSO) – hindi namumuhunan (non-stock) at hindi kumikita (non-profit) na samahan na gumagawa para sa pag-unlad ng lipunan at kalalagayan ng mga mamamayan.

3.2 Local Special Bodies (LSB) – natatanging pangkat sa lokal na pamahalaan tulad ng Lokal na Kapulungan sa Pagpapaunlad (Local Development Council), Lokal na Lupong Pangkalusugan (Local Health Board), Lokal na Lupong Pampaaralan (Local School Board), Lokal na Kapulungan sa Pangkapayapaan at Pangkaayusan (Peace and Order Council).

3.3 Inventory (Imbentaryo) – paraan ng pagtitipon ng mga impormasyon ukol sa Civil Society Organization na ginawa ng magkasanib na Tanggapan ng Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal.

3.4 Recognition – (Rekognisyon) – tumutukoy sa isang samahan na kinilala ng Sangguniang Bayan na makibahagi sa mga Local Special Body ng Pamahalaang Lokal na na-accomplished ang kailangang dokumento sa pagkilala

KGG. RIZALDY N. KALAW Kagawad

KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR. Kagawad

KGG. NORMAN T. TOLENTINO Kagawad

KGG. LEA A. ALMARVEZ Kagawad

KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN Kagawad

KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN Kagawad

KGG. LUCENA R. ODEJAR Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT Kagawad

KGG. PATROCINIA S. KALAW ABC Federation President

KGG. REGINE S. REGALADO SK Federation President

3.5 Accreditation ( Akreditasyon) – pagkakaloob ng Kapasiyahan ng Pagkilala sa mga Civil Society Organizations na ipinatutupad sa loob ng 60 araw mula nang buuin ang bagong halal na mga kasapi ng sanggunian upang sila ay kumatawan sa mga Natatanging Lupong Lokal para sa pakikilahok sa mga programa ng pamahalaan at ma-akredit ang kanilang samahan upang maging legal.

3.6 Directory – mga dokumentong nagtataglay ng mga kaalaman sa Civil Society Organization para sa Pamahalaang Lokal.

3.7 NGO – Non-Governmental Organization – tumutukoy sa non-stock at non-profit na samahan na nakikipag-ugnayan sa iba't-ibang sector para sa kapakanan ng mamayan

3.8 MAFC – Municipal Agricultural and Fishery Council

3.9 FARMC – Fisheries and Aquatic Resources Management Council

3.10. PLEB – Peoples Law Enforcement Board

3.11. DILG – Department of Interior and Local Government

**SEKSYON 4.** Bagong Panuntunan sa pagpili at imbentaryo ng mga samahan na kilalanin bilang kasama sa Civil Society Organization.

4.1. Sa pamamagitan ng LGU CSO Desk Officer ay magkakaroon ng CSO Conference para magkaroon ng pinakabagong directory ng CSO na magiging batayan sa gagawing "Notice of Call for Accreditation".

4.2. Kinakailangan ang pinakabagong (latest) listahan ng CSO ay ipapaskel sa tatlong (3) mga hayag na lugar sa Bayan ng Santa Cruz, Laguna upang malaman ang impormasyon na sila ay nasasakop ng hurisdiksyon ng Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

4.3. Ang itinalagang CSO Desk Officer ay magpapalabas ng pinal na listahan ng mga samahan na maaaring makilala o ma-akredit ng Sanggunian.

4.4. Batay sa pinalabas na listahan ng LGU CSO Desk Officer, ang Sanggunian ay mag-iisyu ng "Notice of Call for Accreditation"

4.5. Ang Tanggapan ng Sanggunian sa pamamagitan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan ay maghahanda ng mga listahan ng mga dokumento sa pagkilala/pag-akredit ng mga samahan.

4.6. Susuriin at pag-aaralan ng bumubuo ng Sangguniang Bayan ang mga "application for accreditation" ayon sa itinatakda ng kautusang ito bago matapos ang buwan ng Agosto pagkatapos ng Local na halalan ng walang bayad. Lahat ng aplikante na huling magsumite ng aplikasyon ay tutugunin ng Sangguniang Bayan pagkaraan ng isang buwan matapos na isumite ang mga kailangang dokumento sa pagkilala.

4.7. Kung sa loob ng tatlong (3) taon, nagkaroon ng pagbabago sa pamunuan, kinakailangang ipagbigay-alam sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan at CSO Desk Officer.

4.8 Ang Sanggunian sa pamamagitan ng kapasiyahan ay susuriin ang mga isinumiteng dokumento gaya ng mga sumusunod :

- Liham-kahilingan ng pagkilala/pag-akredit
- Board Resolution na binibigyan ng kapangyarihan ang representative ng samahan sa pagpapakilala/pag-akredit ng samahan sa Local Special Bodies
- Proyektong nagawa ng samahan ng nakaraang taon
- Taunang plano ng Pagpapaunlad ng samahan
- Securities and Exchange Commission (SEC), Cooperative Development Authority (CDA), Department of Labor and Employment (DOLE) or Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) Registration at iba pang National Agency na nagbibigay pagkilala sa mga organisasyon
- Pinagtibay na By-laws/Alituntuning Panloob
- Listahan ng Pamunuan at mga kasapi lakip ang numero, lugar at petsa ng sedula
- Revenue District Office/Bureau of Internal Revenue (BIR) Certification – Calamba (optional)
- Financial Statement ng nakaraang taon
- Minutes ng meeting ng nakaraang pagpupulong
- at iba pang kahalintulad na dokumento

KGG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad

KGG. ESMERALDO C. DELAS ARMAS, JR.
Kagawad

KGG. NORMAN T. TOLENTINO
Kagawad

KGG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad

KGG. AMBEL JOHN C. PANGANIBAN
Kagawad

KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN
Kagawad

KGG. LUCENA R. ODEJAR
Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Kagawad

KGG. PATROCINIA S. KALAW
ABC Federation President

KGG. REGINE S. REGALADO
SK Federation President

KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN
Kagawad
KGG. LUCENA R. ODEJAR
Kagawad
KGG. ALAN T. PAMATMAT
Kagawad
KGG. PATROCINIA S. KALAW
ABC Federation President
KGG. REGINE REGALADO
SK Federation President
KGG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad
KGG. ESMERALDO C. DELAS ARMAS, JR.
Kagawad
KGG. NORMAN T. TOLENTINO
Kagawad
KGG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad
KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN
Kagawad

**SEKSYON 5** – Gawain at Talatakdaan

| Gawain ( Activities) | Talatakdaan (Schedule) |
|---|---|
| 1st week of July | Posting of Inventory of CSO |
| 2nd week of July | Conduct of Inventory |
| 3rd to 4th week of July | Posting of draft updated list of CSO |
| 4th week of July | Posting of updated directory of CSO |
| 1st week of August | Issuance of Notice of Call for Accreditation/ CSO conference |
| 2nd -3rd week of August | Submission of requirements |
| 1st week of September | Selection of representative to the Local Special Body |
| 2nd week of September | Meeting among accredited CSO |
| 3rd week of September | Joint Organizational meeting |
| 4th week of September | Issuance of EO reconstituting LSB composition |

**SEKSYON 6.** Ilalathala ng Sangguniang Bayan ang mga pinagtibay o bagong kinilala / inakredit na mga Civil Society Organizations at hihimukin ang ibang organisasyon / asosasyon na magpa-akredit ng kanilang samahan sa pamamagitan ng kanilang halal na Pangulo.

**SEKSYON 7.** Matapos ang pagkilala ng Sangguniang Bayan ay bibigyan ito ng Katibayan ng Pagkilala.

**SEKSYON 8.** Ang sinumang CSO's o NGO's na hindi makapagsumite ng itinatakda ng Kautusang ito ay hihintayin (pending) ang pagpapatibay ng application hanggang makumpleto ang itinatakda.

**SEKSYON 9.** Sa ikalawang linggo ng Setyembre, lahat ng Accredited Civil Society Organizations ay pupulungin ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at LGU CSO Desk Officer para sa pagpili ng mga natatanging pangkat tulad ng mga sumusunod:

Lokal na Lupong Pangkalusugan (Local Health Board) - Section 102 ng Republic Act 7160
Lokal na Lupong Pampaaralan ( Local School Board) - Section 98 ng Republic Act 7160
Lokal na Kapulungan sa Katahimikan at Kaayusan (Local Peace and Order Council) – Executive Order No. 773, S2009
Lokal na mga Kapulungan sa Pagpapaunlad (Municipal Development Council) – Section 11 (b) Republic Act 7160

**SEKSYON 10.** Hindi pinahihintulutan ang sinumang empleyado ng gobyerno, ito man ay Permanente, Co-terminous, Casual, Elected, Appointed at Job Order na maging kinatawan ng organisasyon sa Local Special Bodies (LSB) para maiwasan ang sinasabing "Conflict of Interest" ayon sa itinatakda ng Section 1(1), Rule IX of the Code of Conduct and Ethical Standard for Public Officials and Employees (RA 6713). Hindi nasasakupan ng Ordinansang ito ang Barangay.

**SEKSYON 11.** Ang termino ng mga napiling Kinatawan ng Civil Society Organization ay co-terminous sa Local Chief Executive.

**SEKSYON 12. Eksemsyon (Exemption Clause)**

Ayon sa DILG Memorandum Circular No. 2022-083 na may petsa June 15, 2022, itinatakda na ang BAC (Bids and Awards Committee) at PLEB (Peoples Law Enforcement Board) ay eksemsyon sa pagpapa-akredit bilang isa sa mga Local Special Bodies ng pamahalaan. Idinadagdag sa mga eksemsyon ang MAFC / FARMC maliban sa mga NGO Representative kung saan kinakailangang magpa-akredit, ayon sa itinatakda ng RA 8550.

**SEKSYON 13**. Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay at maipaskelsa tatlong (3) hayag na lugar sa Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Ingat-Yaman, Liga ng mga Barangay, CSO Desk Officer at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 21, 2022.**

Pinatutunayan kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**MARIA TERESA R. LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad

**KGG. LEA A. ALMARVEZ**
Kagawad

**KGG. NORMAN T. TOLENTINO**
Kagawad

**KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.**
Kagawad

**KGG. RIZALDY N. KALAW**
Kagawad

**KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN**
Kagawad

**KGG. LUCENA R. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. PATROCINIA S. KALAW**
ABC- Federation President

**KGG. REGINE S. REGALADO**
SK- Federation President

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan